# PAGBIBIGAY HINUHA

Magandang araw sa iyo!

Sa modyul na ito ika'y inaasahang makabuo o makapagbigay ng hinuha tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayari sa binasa.



## Pagbalik-aralan Mo

**Basahin mo ang bawat pangungusap. Sa sagutang kuwaderno isulat ang *O* kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng *Opinyon* at *K* kung *Katotohanan.***

Halimbawa:

Ang Pilipinas ay isang kapuluan.

Sagot: ***K***


**Magsimula Rito:**

1. Binubuo ang Pilipinas ng 7,107 pulo.
2. Ang mga pulong ito ay hinati sa tatlong pangkat: Luzon, Visayas at Mindanao.
3. Ang ating bansa ay pinamumunuan ng isang Pangulo.
4. Ang pangulo ng ating bansa ay inihahalal ng taumbayan.
5. Sinasabing nagsimulang umunlad ang ating bansa buhat nang magkarooon ng People Power sa EDSA.
6. Maraming proyektong ipinatutupad ang pamahalaan sa bansa.
7. Marahil magiging mabilis ang pag-unlad ng kabuhayan ng bansa kung ang mga namumuno ay buong tapat na tutupad ng kanilang tungkulin.
8. Maaaring magpatuloy ang pag-unlad ng kabuhayan ng bansa kung papalitan ang sistema ng ating pamahalaan sa darating na panahon.
9. Ang mabilis na pagdami ng populasyon ay isa sa mga suliranin ng ating bansa.
10. Kung masusugpo ang mabilis na paglaki ng populasyon, magkakaroon nang sapat na pagkain ang bawat mag-anak.

## Pag-aralan Mo

**Basahin ang lathalain.**


### Iligtas ang Mundo



Paiba-iba ang lagay ng panahon. Sobrang init ang nararanasan ng tao kung tag-araw. Kung minsan naman mababalitaan na may bagyong darating gayong panahon naman ng tag-araw. Kung tag-ulan naman, bihirang umulan. Isinisisi ang pangyayaring ito sa sobrang kapabayaan ng tao sa kapaligiran.



Walang tigil ang tao sa pagtatapon ng basura sa ilog at iba pang anyong tubig. Dahil dito dumudumi ang tubig na nagiging sanhi ng pagkamatay ng mga isda at iba pang lamang-dagat. Idagdag pa rito ang pagkakaroon ng "red tide".



Ano ang kakainin natin? Maging ang mga estero sa lungsod ay nagbabara. Kaunting ulan lamang ay bumabaha. Maging ang tubig na iniinom ay di na rin ligtas.

Maging ang hanging ating nilalanghap sa araw-araw ay marumi na rin. Masangsang ang amoy ng hanging nagmumula sa tabing-ilog at dalampasigan. Ang sobrang kapal at maitim na usok na nagmumula sa mga sasakyan ay nagpapahirap sa mga tao. Tulad din ng walang tigil na pagbuga ng usok ng mga pabrika na siyang nagpapadilim sa kalangitan. Dahil sa polusyon sa hangin, ang pagdumi ng kapaligiran ay hindi maitatanggi. Isa pang epekto nito ay ang paghina ng ating baga at iba pang sakit na dulot ng maruming hangin.



Ang mga kagubatan ay unti-unting nakakalbo. Walang ingat ang ginawang pagpuputol sa mga puno. Patuloy ang pagsasagawa ng sistemang kaingin. Patuloy ang pagsunog ng mga kaiginero sa kagubatan. Ginagawa nila itong lupang mapagtataniman. Unti-unting gumuguho at nawawala ang matabang lupa. Dahil dito wala nang makapitan ang mga ugat ng puno. Ang mga ugat ng puno ang sumisipsip sa tubig sa kabundukan kapag umuulan. Napipigil nito ang pagguho ng lupa at pagbaha sa mababang lugar.



Dapat tayong makiisa sa pagpapanatiling malinis at luntian ng kapaligiran. Labanan ang polusyon sa tubig at hangin. Isipin ang mundo at ang kalagayan ng susunod na salinlahi. Iligtas natin ang ating kalikasan upang matamo ang pinapangarap na mundo sa hinaharap.

Pag-usapan natin ang inyong binasa. Maaari mong isulat sa iyong kwadernong sagutan ang iyong mga karapatan.

1. Ano ang iyong napapansin sa lagay ng panahon? Kanino kaya dapat isisi ang pagbabago nito?
2. Bakit nagkakaroon ng red tide?
3. Anu-ano ang nagiging bunga ng polusyon sa hangin?
4. Ano ang dahilan at unti-unting nakakalbo ang mga gubat?
5. Papaano napipigil ng mga tanim at punung-kahoy ang pagguho ng mga lupa?

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Paiba-iba na ang lagay ng panahon ngayon. Isinisisi ang pangyayaring ito sa sobrang kapabayaan ng tao sa kapaligiran
2. Dahil sa walang tigil ang tao sa pagtatapon ng basura sa ilog at iba pang anyong-tubig kaya nagkakaroon ng red tide.
3. Bunga nito ang pagdumi ng hanging ating nilalanghap sa araw-araw. Epekto rin nito ay ang paghina ng ating baga at iba pang sakit na dulot ng maruming hangin.
4. Nakakalbo ang mga kagubatan dahil sa walang ingat na pagpuputol sa mga puno at sa patuloy na pagsasagawa ng sistemang kaingin.
5. Ang mga ugat ng puno ang sumisipsip sa tubig sa kabundukan kapag umuulan. Napipigil nito ang pagguho ng lupa at pagbaha sa mababang lugar.

Magaling!

Basahin at unawain mo naman ito ngayon.

| |
|---|
| Pagdaan ng kotse sa ilalim ng punong niyog nalaglag ang mga bungang magugulang na. |

Ano ngayon ang magiging sariling palagay o kuru-kuro mo?

Maaaring ganito - Nabagsakan ng bunga ng niyog ang bubong ng kotse. May bahagi ng bubong na nayupi.

Maaari namang ganito - Hindi man lang nayupi ang anumang bahagi ng kotse nang mabagsakan. Matigas at matibay ang pagkakayari ng kotse.

Narito ang isa pang halimbawa.

Ganito ang iyong nabasa.

| |
|---|
| Hindi tumitingin sa tawiran si Pedro. May dala siyang tungkod. |

Ano ang magiging sariling palagay o kuru-kuro mo?

Maaaring ganito - Si Pedro ay nabangga ng ibang tumatawid o kaya ay nadapa.

Maaari namang ganito - Si Pedro ay bulag at ang tungkod niya ang nangangapa ng dadaanan niya. Nakatawid siya nang maayos.

Ang pagbibigay ng sariling opinyon, palagay o kuru-kuro sa binasang seleksyon o talata ay pagbibigay hinuha. Maari kang makapag-bigay ng sarili mong palagay upang ang isang pangyayari o kwento ay magkaroon ng wakas na gugustuhin mo.

Isa pang halimbawa:

| |
|---|
| Bumabagyo at malakas ang alon nang sila'y tumawid sa isla. Maliit lang ang bangkang kanilang sinasakyan. |

Ano ang magiging hinuha mo?


Maaaring ganito - Hindi sila nakatawid dahil hindi kinaya ng maliit na bangka ang malalakas na alon.

Maaari namang ganito - Kinain ng malalakas na alon ang maliit na bangka. May mga nalunod sa mga sakay na pasahero.

Hindi lang isa o dalawa ang maaari mong maibigay na hinuha, hanggang may naiisip kang pwedeng kahinatnan ng mga pangyayari ay maaari kang mag hinuha.

| | | |
|---|---|---|
| Katulad pa nito | - | Nakatawid sila ng isla subali't sadyang sila'y nahirapan dahil sa malalakas na alon. |
| Maaari ding ganito | - | Papalubog na sana ang maliit na bangka nang may sumaklolo sa kanilang hukbong dagat. |

Pwede ka pang magdagdag.



## Isaisip Mo

Ang pagbibigay hinuha o palagay sa maaaring kahinatnan ng mga pangyayari sa binasa ay isang paraan nang pagsasagawa ng mapanuring pag-unawa.

Ngayong alam mo na kung paano ang magbigay palagay o hinuha, maari mo nang gamitin ito sa susunod na bahagi ng modyul na ito.



## Pagsanayan Mo

I. Balikan ang lathalain: **"Iligtas ang Mundo!"**

Basahin ang pangyayari at magbigay ng hinuha tungkol dito. Isulat ito sa iyong sagutang kuwaderno.

| Pangyayari | Hinuha |
|---|---|
| A) Patuloy na pagtatapon ng basura sa ilog | |

| | |
|---|---|
| B) Paglanghap ng makapal at maitim na usok na ibinubuga ng tambutso ng sasakyan. | |
| C) Pagpuputol ng puno sa kagubatan. | |
| D) Pagbabara ng mga estero. | |
| E) Pagbuga ng usok ng mga pabrika. | |
| F) Pagkakaroon ng red tide. | |
| G) Pagdumi ng tubig na iniinom. | |
| H) Pagkakalbo ng kagubatan. | |

II. Magbigay ng tig-dadalawang hinuha sa bawat talatang sumusunod at isulat ito sa iyong sagutang kuwaderno.

1. Pinukpok ni Sajid ang bahay-pukyutan. Naglabasan ang malalaking pukyutan.

   Hinuha 1: ______________________________________
   Hinuha 2: ______________________________________

2. Nakita ni Eli ang makukulay na mga bulaklak sa hardin. Papasok na siya sa paaralan nang umagang yaon.

   Hinuha 1: ______________________________________
   Hinuha 2: ______________________________________

3. Nalaglagan ng isang subong kanin ang mga langgam sa ilalim ng mesa.

   Hinuha 1: ______________________________________
   Hinuha 2: ______________________________________

4. Sumakay ang mga sundalo sa helicopter at lumipad ito sa himpapawid.

   Hinuha 1: ______________________________________
   Hinuha 2: ______________________________________

5. May naiwang bag sa isang tricycle na naglalaman ng maraming pera. Kinuha ito ng tatay mo.

   Hinuha 1: ______________________________________
   Hinuha 2: ______________________________________

Ipakita ang iyong mga sagot sa guro.

Ngayong ikaw ay bihasa na sa pagbibigay ng hinuha, maaari ka nang tumungo sa bahaging Subukin Mo.



## Subukin Mo

**Bumuo ng hinuha sa mga talatang sumusunod at isulat ito sa iyong sagutang kuwaderno.**

1. Inani na ang mga palay. Tinuyo na ang mga ito at isinilid sa sako ng magsasaka.

   Hinuha ______________________________________

2. Dala-dala ang baong pagkain at ilawan, sumakay sa bangka at pumalaot na ang mag-ama.

   Hinuha ______________________________________

3. Mahigit tatlumpong mag-aaral sa ika-apat na grado ang sinanay ng kanilang guro sa Musika. Suot na nila ang magara nilang uniporme at sila'y patungo na sa bayan.

   Hinuha ______________________________________

4. Nagluto ng mga kakanin ang nanay. Inimbitahan ang mga kapitbahay at lahat ng kalaro at kababata ni Cris.

   Hinuha ______________________________________

5. May taling pabigat sa binti ni Aimon at humihiyaw ito sa sakit. Awang-awa ang kanyang mga kamag-anak.

   Hinuha ______________________________________

6. Nagising si Jun-Jun na umiiyak at takot na takot. Humahangos siyang pumunta sa kusina para uminom ng tubig.

   Hinuha ______________________________________

7. Clean Air Act at Anti-Smoking Law ang dalawang bagong batas. Galit na galit ang mga mamamayang naninigarilyo.

   Hinuha ______________________________________

8. Palagi silang nagsisipagtago pag may dumarating nang mga girilyang Hapon.

   Hinuha ______________________________________


9. Nagpasya si Prinsipe Bantugan na umalis nalang sa kanilang kaharian. Nagtungo siya sa ibang bayan.

   Hinuha ______________________________________

10. Hindi sinunod ni Abraham ang kahilingan ng Diyos. Itinago niya si Isaac at isang matabang tupa ang kanyang inialay.

   Hinuha ______________________________________

Ipakita sa Guro ang iyong mga sagot.



**Binabati kitang muli sa pagtatapos mo sa modyul na ito.**
**Magpatuloy ka!**